



Ang Pondo ng Katarungan para sa Kalikasan 2021 (The Environmental Justice Fund 2021)

Isang programa ng siyudad ng Seattle. Pinangasisiwaan ng The Bullitt Foundation.

Ikagagalak naming ibalita na ang Environmental Justice Fund ay tumatanggap na ng mga aplikasyon.

Dapat matanggap ang mga ito bago mag alas quarto ng hapon sa takdang araw ng Setyembre 13. Ang pagpopondo na ito ay sumusuporta sa mga pagsisikap na pinangungunahan at pakikinabangan ng mga taong lubhang apektado ng mga isyu sa kapaligiran at klima: Itim, katutubo, mga taong may kulay, imigrante, refugees, mga taong may mababang sahod, kabataan at mga matatanda.

Dapat isama sa mga proyekto ang mga solusyon na tinukoy ng komunidad na nagpapabuti sa kanyang kalusugan at kagalingan na at tumutugon sa mga epekto ng pagbabago sa klima. Kasama dito ang pagbuo ng kapasidad, patuloy na estratehikong pagpapalano, edukasyon sa komunidad, pagsisikap na tumutugon sa paghahanda sa klima, kalidad ng hangin, kawalang-katiyakan sa pagkain, mga trabahong nakakabuti sa kapaligiran, at iba pang mga isyu sa hustisya sa kapaligiran at klima.

Bago sa taong ito!

- Dahil sa dami ng mga panukala na aming inaasahang matanggap, hindi namin aanyayahan ang lahat ng mga aplikante na lumahok sa oral na pagtatanghal sa cycle na ito. (Sa mga nagdaang cycles, ang oral na pagtatanghal ay opsyonal para sa lahat ng mga aplikante.)
- Mag-aabot lamang kami ng mga paanyaya para sa oral na pagtatanghal kung may mga katanungan tungkol sa ipinanukalang proyekto at kailangan pa ng karagdagang paglilinaw. **Kung maiimbitahan, ang mga aplikante ay dapat sumali sa mga oral na pagtatanghal upang sumulong sa proseso.**

Ang mga proyekto ay ipagkakalooban na hindi kukulangin sa \$25,000 at hindi hihigit sa \$75,000. ang mga proyekto ay magsisimula sa Enero 2022 at kailangang matapos sa Hunyo 2023.

ang mga sesyon sa impormasyon ay gaganapin sa **Agosto 18 at 25**. May nakaantabay na tulong-teknikal upang tulungan ang mga aplikante sa proseso. May mga karagdagang detalye online sa seattle.gov/environment/ejfund.

Mga katanungan? Mangyaring mag- email: ejfrfp@gmail.com